Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

May mga pagkakataong tayo ay kinakailangang magsalita o magsulat tungkol sa isang paksa. Marami sa atin ang nahihirapan sa pagsisimula dahil hindi natin alam kung saan at paano ito gagawin. Hindi tayo makapagdesisyon kung aling mga ideya ang una munang tatalakayin o kung papaano natin tatapusin ang nasimulang talakayan. Nais mo bang malutas ang problemang ito?

Sa modyul na ito, matututuhan mo kung paano bumuo at mag-ulat ng mga ideya sa pamamagitan ng pagbabalangkas. Matutulungan ka ng balangkas kung paano isaayos ang mga ideya.

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin:

Aralin 1 – *Ang Pag-Uuri ng mga Konsepto/Relasyon at Paghahanap ng mga Pangunahing Ideya*

Aralin 2 – *Pagkilala ng Ibang mga Detalye*

Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Tuturuan ka ng modyul na ito kung paano gumawa ng balangkas. Ang balangkas ay isang planong iyong susundin sa tuwing ikaw ay magsusulat. Maaari itong mapabuti sa pamamagitan ng maingat na pagpaplano at pagkuha ng mga katotohanan at ideya. Matutulungan ka rin nito sa pag-iwas ng pagsasabi ng labis o kulang tungkol sa isang paksa.

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang:

- ayusin ang iyong mga ideya; at
- ipahayag ang iyong mga ideya at damdamin nang maayos sa pananalita at pagsusulat.

Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang basahin ang modyul na ito, sagutan ang pagsusulit sa ibaba upang malaman mo kung gaano kalawak ang nalalaman mo tungkol sa ating paksa.

A. Itugma ang mga kahulugan sa Hanay A sa salitang naayon dito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot.

A	B
_____ 1. Isang listahan ng mga ideyang inayos upang maipakita ang relasyon ng mga ito sa komposisyon	a. pagbabalangkas
_____ 2. Ang proseso ng pag-uuri ng impormasyon o data	b. balangkas
_____ 3. Ang ayos o dibisyon ng mga gamit at tao ayon sa klase	c. klasipikasyon
	d. pangunahing ideya

B. Magsulat ng titulo o pamagat para sa bawat grupo ng mga salita.

1. _____

   litsugas
   talong
   sitaw
   repolyo

2. _____

   tissue paper
   toothpaste
   sabon
   shampoo

3. _____

   pahiga
   patayo
   pakurba
   pahilis

4. _____

bituin
buwan
araw
planeta

5. _____

cellphone
pager
fax machine
telepono

C. Sa ibaba ay ilang mga pahayag. Magbigay ng 2-3 detalyeng magsusuporta sa mga ito.

1. Ang pamilya ko ang pinakamahalagang regalong aking natanggap .

_____

_____

2. Sinusulit namin ng pamilya ko ang lahat ng bakasyon.

_____

_____

3. Maraming magagandang lugar sa Pilipinas na dapat ipagmalaki.

_____

_____

Kamusta ang pagsusulit? Sa tingin mo ba ay mataas ang iyong nakuha? Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 20.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, magaling! Ipinapakita nito na marami kang nalalaman tungkol sa paksang ito. Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang mabalik-aralan ang mga alam mo na. Malay natin, may mga bago kang matutuhan.

Kung mababa ang marka na nakuha mo, huwag mabahala. Nangangahulugang ang modyul na ito ay para sa iyo. Tutulungan ka nitong maintindihang mabuti ang mahahalagang konsepto na maaari mong isagawa sa iyong pang-araw-araw na gawain. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang mga tamang kasagutan sa pagsusulit at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maari ka nang magsimula sa Aralin 1.

ARALIN 1

Ang Pag-Uuri ng mga Konsepto/Relasyon at Paghahanap ng mga Pangunahing Ideya

Mayroong dalawang uri ng balangkas. Ang una ay ang balangkas mula sa pagbabasa at ang pangalawa ay ang balangkas na tutulong sa iyo sa paglalahad ng mga ideya sa pamamagitan ng pagsusulat. Nais kong madiskubre mo kung papaano ilalahad at iaayos ang mga ideya sa pagsusulat. Mamaya lamang ay magkakaroon ka ng ideya kung papaano gagawin ito.

Sa araling ito, matututuhan mo ang pag-uuri ng isang grupo ng magkakatulad na salita at ideya. Matapos nito ay matututuhan mo kung papaano uuriin ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang mga pagkakatulad.

Subukan Natin Ito

Ang unang hakbang sa pagbabalangkas ay ang pag-iisip kung anong paksa ang nais mong bigyang pansin. Halimbawa, nagdesisyon kang magsulat tungkol sa mga hayop. Ngunit hindi mo alam kung ano talaga ang isusulat mo tungkol sa mga ito. Ililista mo ngayon ang lahat ng hayop na papasok sa iyong isipan.

Pag-aralan ang halimbawa sa ibaba:

aso	pusa	kabayo
uod	unggoy	orangutan
tilapia	isda	talaba
chimpanzee	alupihan	manok

Nakahanap ka ba ng magkakahalintulad sa listahan sa itaas? Ayusin ang mga ito ayon sa kanilang magkakawangis na katangian. Matapos mong gawin ito, magbigay ng pangkalahatang paglalarawan sa bawat grupo. Kung makakakita ka ng iba pang dibisyon sa ilalim ng bawat grupo, hatiin ito sa mas maliliit na lupon o klase.

Subukan mong gawin ang mga halimbawa sa ibaba. Ikumpara natin ang ating mga kasagutan.

- Mga hayop na apat ang paa
  - aso
  - pusa
  - kabayo

- Mga hayop na walang paa
  - uod
  - talaba
  - tilapia
  - isda

- Mga hayop na dalawa ang paa
  - manok
  - unggoy
    - chimpanzee
    - orangutan

- Mga hayop na gumagapang
  - uod
  - alupihan

Paano naayos sa mga grupo ang mga hayop?

Sagot: *Ang mga hayop ay naayos sa pamamagitan ng dami ng kanilang paa.*

Pareho ba tayo ng kasagutan? Kung oo, magaling. Ngunit hindi lamang iyan ang maaaring sagot. Mayroon ding ibang mga kasagutan. Dapat mong tandaan na ang mga pangunahing ideya ay ginagamit lamang kapag gagawa ng titulo o pamagat.

Sa ilalim ng salitang **unggoy,** mayroon pang dalawang salita: **orangutan** at **chimpanzee.** Paano ang mga ito iniugnay sa salitang **unggoy?** Sila ay mga uri o mga *subclasses* ng mga unggoy.

Mayroon pang ibang mga klase ngunit dalawa lamang ang matatagpuan sa iyong listahan.

Subukan Natin Ito

Ngayon, subukan mong pumili ng titulo o pamagat sa bawat grupo ng salita sa pamamagitan ng paglalagay ng guhit sa ilalim ng pangunahing salita. Ang unang numero ay ginawa na para sa iyo.

1.	gitara	byolin	<u>instrumentong musikal</u>	tambol
2.	opisyal	alkalde	gobernador	senador
3.	Martes	Miyerkules	araw	Lunes
4.	medisina	edukasyon	abogasya	kurso
5.	babasahin	dyaryo	libro	magasin
6.	trak	tren	kotse	sasakyan
7.	martilyo	kasangkapan	plais	lagare
8.	kagamitan sa bahay	mesa	upuan	tukador
9.	manika	trumpo	laruan	holen
10.	telepono	kompyuter	telebisyon	elektrikal na kasangkapan

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 21. Nagustuhan mo ba ang gawaing ito? Nakuha mo bang lahat nang tama? Kung nagkamali ka sa 2–3 numero, tingnang muli ang listahan.



Alamin Natin

Ano ang kakalabasan kung ang mga salita ay inilagay sa isang listahan? Tingnan mo ang unang numero, halimbawa:

Instrumentong musikal

– gitara
– byolin
– tambol

Ano ang iyong napansin?

Ang klasipikasyon ng mga **instrumentong musikal** ay ang titulo o pamagat ng grupo at ang iba: **gitara, byolin** at **tambol** ay mga aytem sa iyong listahan. Ganito ba ang iyong kasagutan? Kung oo, magaling!

Ang paglalagay ng mga salita sa ilalim ng pamagat o titulo ay isang halimbawa ng simpleng balangkas.

Subukan Natin Ito

Tingnan ang mga aytem sa kahon, pahina 6. Gawin din ang ginawa sa halimbawa.

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 21–22.

Tandaan Natin

- Sa paggawa ng balangkas, tanungin mo muna ang iyong sarili kung paano mo maaayos sa mga grupo o ma-uuri ang mga pangunahing ideya (titulo o pamagat) na nasasaisip mo.
- Palawakin ang mga ideyang ito sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga detalye o *subtopics* sa bawat grupo.
- Ang mga pangunahing ideya na pinagsamasama ay mga impormasyon o data na magkakapareho o magkakatulad.

Subukan Natin Ito

Isipin na mayroon kayong mga bisita sa paaralan. Sinabihan ka ng iyong guro na mag-isip ng mga bagay na maaari mong sabihin tungkol sa iyong eskwelahan. Nakaisip ka ng mga sumusunod na ideya. Ayusin ang mga ito nang wasto. Mag-isip ng sarili mong mga titulo o pamagat. Isulat ang iyong mga kasagutan sa hiwalay na papel.

– ang pisikal na kaanyuan ng iyong paaralan

– lokasyon

– mga naisakatuparan

– kalagayan

– 3 beses na nanalo sa Pinakamalinis na Paaralan na paligsahan

– parating top-notcher sa NEAT at NSAT

– kilala sa pagkakaroon ng magagaling na guro at mag-aaral

– lumilikha ng mga matatalino at magagaling na gradweyt

– pumasa sa Level II accreditation

– mayroong titulo bilang “ Center for Excellence in the National Capital Region”

Tingnan ang mga posibleng kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 22.

Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang mga sumusunod na grupo ng mga salita:

1. prutas
   - atis
   - melon
   - saging

2. gulay
   - pechay
   - sitaw
   - talong

3. mga hayop na apat ang paa
   - aso
   - pusa
   - kabayo

4. mga hayop na dalawa ang paa
   - manok
   - unggoy
   - ibon

Ano ang napansin mo? Anong klaseng mga salita ang naigrupo sa bawat numero? Ang mga ito ba ay mga parirala? mga sugnay? mga pangungusap?

Ang mga salita sa bawat listahan ay mga parirala.

Kung ganito din ang sagot mo, tama ka!

Tingnan ang susunod na mga grupo ng salita. Basahin ang mga ito nang mabuti. Pansinin kung paano ang mga ito binuo.

Ang ating bansa ay kilala sa pagkakaroon ng mga likas yaman at magagandang mga lugar.

- Mayroon itong malilinis at magagandang mga karagatan.
- Mayaman ito sa perlas at iba pang mga mineral.
- Marami ring mga magagandang kagubatan dito.

Kilala din ang ating bansa sa pagkakaroon ng mayamang kultura.

- ♦ Mayaman tayo sa mga alamat, mito at pabula, gaya rin ng ibang bansa.
- ♦ Marami tayong mga tradisyon at ritwal na kilala sa kanilang pagiging kakaiba.

Ano ang napansin mo? Ang listahan ay kinabibilangan ng mga pangungusap, hindi kagaya ng una na kinabibilangan ng mga parirala.

Subukan Natin Ito

Piliin ang mga pangunahing ideya sa mga sumusunod na talata at gumawa ng balangkas para sa bawat isa. Ang iyong balangkas ay maaaring kabilangan ng mga parirala o pangungusap. Ang unang numero ay ginawa na para sa iyo.

1. Maraming klase ng tao sa mundo: ang mga taong mapuputi ang balat, kayumanggi, maitim ang balat, at iba pa.

   Iba't ibang klase ng tao sa mundo:

   – mga taong maitim ang balat
   – mga taong maputi ang balat
   – mga taong kayumanggi

2. Maraming klase ng pigurang geometriko. May mga hugis na may apat na haligi kagaya ng mga parisukat, rhombus, parihaba at trapezoid. Ang tatsulok ay isang hugis na may tatlong haligi at maaaring maging *right, isosceles* o *equilateral*.

3. Nakita mo ba ang mga libro tungkol sa relihiyon, pilosopiya, mitolohiya na ipinatong ko sa mesa? Mayroon pa akong ibang sanggunian sa ibabaw ng aparador tulad ng atlas, diksyunaryo at almanac. Ang iba kong mga babasahin tulad ng pahayagan at magasin ay nasa sahig.

4. Maraming pasalubong si Nanay. Bumili siya ng mga kakanin tulad ng puto, suman, palitaw at sapin-sapin. Bumili din siya ng inumin tulad ng sago't gulaman at malamig na tsaa.

5. Ang Luzon, Visayas at Mindanao ang tatlong malalaking isla ng Pilipinas.

Ikumpara ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 23 at 24. Kung nakakuha ka ng mataas na marka, ikaw ay handa nang magpatuloy sa susunod na aralin. Kung hindi, balik-aralan ang mga bahaging hindi mo masyadong naintindihan at alamin kung bakit ka nagkamali sa pagsusulit sa itaas.

Pag-isipan Natin Ito

Araw-araw, ating inilalagay sa mga grupo ang mga bagay na kailangang ayusin. Halimbawa, kapag tayo ay maglalaba, ihinihiwalay natin ang mga puti sa may kulay. Ating iniiwasang mahawaan ng kulay ang mga puti.

Ipinatungkol ng ating mga lokal na opisyal ang paghihiwalay ng mga nabubulok na basura (mga basura na naaagnas) at mga di-nabubulok na materyal.

Kapag pumupunta tayo sa pamilihan, madali nating nakikita ang mga bagay na nais nating bilhin dahil inilagay ang mga ito sa mga grupo at pinagsama-sama ayon sa kanilang lupon.

Ang mga sitwasyon na ito ay kapareho sa ating natutuhan tungkol sa pagbabalangkas. Nagiging mas maayos at komportable ang ating buhay dahil dito tulad din ng ating pagsusulat.

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Basahin ang mga sumusunod na parirala. Ang unang grupo ay kinabibilangan ng mga pangunahing paksa samantalang ang pangalawang grupo ay iba't ibang mga subtopics sa ilalim ng bawat paksa. Pagsama-samahin ang mga subtopics ayon sa pangunahing paksa. Tandaan mo ang mga konseptong natutuhan mo tungkol sa pagbabalangkas. Maaari ka ring komunsulta sa isang libro tungkol sa matematika kung hindi mo alam ang ibang mga paksa (Mungkahi: Mayroong dalawang subtopics sa bawat pangunahing paksa.) Isulat ang iyong mga sagot sa hiwalay na papel.

Mga Pangunahing Paksa:

Sistema ng Numerasyon at mga *Whole Number*

Introduksyon sa mga Integer

Mga Factor at Prime

Mga Numerong Rasyonal

Ratio at Proporsyon

Pagsusukat

Talangguhit

Geometry

Introduksyon sa Algebra

Mga Subtopic:

Numero at Numeral

Ang Linyang Numero

Dibisibilidad

Ang Pangangailangan sa Isa Pang Sistema sa Numero

Ang Konsepto ng Ratio

Pagsusukat

Pagsusuri ng Pictograph

Punto at Linya

Mga Simbolo na ginagamit sa Algebra

Expanded na Uri ng mga Numerong Decimal

Pag-aayos ng mga Grupo ng mga Integer

Prime Factorization

Iba't ibang Pangalan sa Magkakatulad na Numero

Proporsyon

Pagsusukat ng Espasyo

Paggawa ng Bar Graph

Espasyo

Mga Polynomial

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 24 at 25. Tama bang lahat ang iyong mga kasagutan? Kung oo, magaling! Kung hindi naman, huwag mabahala. Iyong balik-aralan na lamang ang mga bahagi ng aralin na hindi mo gaanong naintindihan. Matapos mong gawin ito, maari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin.

Pagkilala ng mga Detalye

Sa araling ito, iyong makikilala ang mga pangunahing ideya at ang mga detalye na sumusuporta dito sa isang parirala o pangungusap.

Mahalaga na iyong matutuhan ang pagkikilala ng mga detalye sa isang talata dahil tumutulong ang mga ito sa pagpapaliwanang, pagpapalarawan, pagpapalalawak at pag-uuri ng pangunahing ideya sa isang ibinigay na talata.

Subukan Natin Ito

Basahin ang talata nang mabuti. Kilalanin ang pangunahing ideya nito. Ang pangunahing ideya ay pangungusap na nagbibigay ng pangkalahatang tema ng isang talata. Matapos mong gawin ito, ilista ang mga pangungusap na sumusuporta sa pangunahing ideya.

> (1) Si Cynthia ay isang masugid na tagahanga ni Marinella Cruz. (2) Ginugupit niyang lahat ang bawat litrato at artikulo tungkol sa kanyang paboritong artista. (3) Hindi niya nakakaligtaang panoorin ang mga pelikula nito. (4) Bumibili rin siya ng poster o kalendaryo na nagpapakita ng magandang mukha ni Marinella.

Aling pangungusap ang nagpapakita ng pangunahing ideya ng talata?

Sa kasong ito, ang pangungusap na *Si Cynthia ay isang masugid na tagahanga ni Marinella Cruz* ang **topic sentence** o **paksang pangungusap ng talata.**

Ang ibang mga pangungusap (pangungusap 2-4) ay nagbibigay suporta lamang sa unang pangungusap. Ang mga ito ay tinatawag na mga **suportang detalye.**



Alamin Natin

Ang isang talata ay karaniwang nagsisimula gamit ang paksang pangungusap *(general statement)* at nagpapatuloy gamit ang mga pangungusap na pangsuporta.

Magsanay tayo sa pagkilala ng mga pangunahing ideya at ang kanilang mga suportang detalye sa susunod na talata.

1. (1) Maagang gumigising si Jamie upang magtungo sa bukid. (2) Matapos siyang maligo, umaalis siya ng bahay nang hindi kumakain ng almusal upang magsimula sa pagtatrabaho. (3) Nagtatrabaho siya nang mabuti upang mapangalagaan ang kanyang mga halaman laban sa peste sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang dami ng pestisidyo. (4) Lagi niyang dinidiligan ang mga ito. (5) Naglalagay rin siya ng kaunting pataba sa lupa upang maging malusog ang kanyang mga pananim. (6) Si Jaime ay mabuting magsasaka.

2. (1) Nagtago ng mga rekord ang mga naunang monghe tungkol sa mga Griyego at Romanong sibilisasyon sa kanilang monasteryo. (2) Ang monasteryo ang unang paaralan. (3) Sa loob ng monasteryo, nag-aalaga ang mga monghe ng mga taong may karamdaman at nagtuturo ng pagpapari at ordinaryong buhay sa mga kabataan. (4) Sumulat, kumopya at nag-alaga sila ng mga aklat. (5) Tinanggap nila ang kahit sinong humingi ng tulong sa kanila. (6) Ginawa nila ang kanilang trabaho nang hindi nagrereklamo.

Ano ang pangunahing ideya ng unang talata?

Hindi ang unang pangungusap ang naglalaman ng pangunahing ideya ng talata. Ang huling pangungusap ang siyang paksang pangungusap. Sinasabi nito na ang pangunahing pangungusap ay hindi parating nauuna. Maari itong lumabas kahit saan sa talata.

Ngayon, ating suriin ang pangalawang talata. Alin sa mga pangungusap ang nagbibigay ng pangunahing ideya?

Matapos ang mabuting pagsusuri, makikita mo na wala sa mga pangungusap ang tuwirang nagbibigay ng pangunahing ideya. Lahat sila ay nagbibigay lamang ng mga detalye sa ipinahihiwatig na ideya, “Ang mga monghe ay mahahalagang tao noong unang panahon.”

Masasabi nating ang pangunahing ideya ng isang talata ay maaring hindi tuwirang isulat, ipinapahiwatig lamang. Nangyayari ito kapag ang talata ay isang paliwanag o karugtong ng mga ideyang nasabi na sa mga naunang talata, lalung-lalo na ang mahahabang komposisyon.

Subukan Natin Ito

Ayusin ang mga ginulong mga pangungusap sa bawat pangkat upang makabuo ng makabuluhang talata. Kilalanin ang pangunahing pangungusap. Kung ito ay ipinapahiwatig lamang, isulat kung ano sa tingin mo ang pangunahing ideya nito.

Pangkat 1:

a. Maraming mga psychologist ang naniniwala na hindi dapat sinasampal ang mga bata kung sila ay nagkakamali.

b. Naniniwala silang ang pananampal ay hindi wastong paraan ng pagdidisiplina ng mga bata.

c. May mga pag-aaral na nagsasabing ang mga naabusong bata ay nangaabuso rin ng mga bata sa kanilang pagtanda.

Pangunahing Pangungusap: _____

_____

Pangkat 2:

a. May mga nagsasabing ang mga mahihirap lamang ang kumakain nito.

b. Kaunting tao lang ang may alam na ang kamote ay masustansiya kahit na napakamura nito.

d. Mayaman ito sa mga bitaminang mabuti para sa ating katawan.

Pangunahing Pangungusap: _____

_____

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 25.

Subukan Natin Ito

Sa ibaba ay ilan sa mga pangunahing pahayag. Magbigay ng tatlong pahayag na magsusuporta sa bawat isa at isulat ang iyong mga sagot sa ibang papel.

a. Ang pagkain sa kapiterya ay hindi nakakagana.

b. May mga bagay akong hindi nagawa noong nakaraang semestre.

c. Matalik kong kaibigan ang aking ina.

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 25.

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sundan ang mga tagubilin. Kung pwede, gumamit ng mga kumpletong pangungusap sa pagsagot sa mga katanungan. Sundan ang ibinigay na format.

Pangkat 1

1. Magbigay ng 3 dahilan kung bakit ikaw ay nagdesisyong magpatuloy sa pag-aaral.
2. Ayusin ang iyong mga dahilan ayon sa kahalagahan.

Pamagat: _____

Panimulang pangungusap: Mayroon akong ilang mga dahilan kung bakit nais kong magpatuloy ng pag-aaral.

A. Unang dahilan: _____

B. Pangalawang dahilan: _____

C. Pangatlong dahilan: _____

Panghuling pangungusap: Ang aking pag-aaral ay mahalaga para sa akin.

Pangkat 2

1. Gumawa ng listahan ng mga paraan upang magamit muli ang mga basura.
2. Magbigay ng tatlong hakbang sa paggawa nito.

Pamagat: _____

Panimulang pangungusap: Ang isang lalagyan ng lapis ay maaaring magawa mula sa isang lata ng sardinas na wala nang laman.

A. Unang Hakbang: _____

B. Pangalawang Hakbang: _____

C. Pangatlong Hakbang: _____

Panghuling pangungusap: Makatitipid tayo ng pera sa pamamagitan ng pagre-recycle ng mga basura.

Pangkat 3:

1. Magbigay ng isang pagkakatulad mo sa iyong ina/ama.
2. Magbigay din ng isang pagkakaiba mo sa kanila.

Pamagat: _____

Panimulang pangungusap: Marami kaming pagkakapareho at pagkakaiba ng aking mga magulang.

A. Kami ay magkapareho sa maraming bagay.

1. Unang pagkakapareho: _____
2. Pangalawang pagkakapareho: _____
3. Pangatlong pagkakapareho: _____

B. Kami ay mayroon ding mga pagkakaiba.

1. Unang pagkakaiba: _____
2. Pangalawang pagkakaiba: _____
3. Pangatlong pagkakaiba: _____

Panghuling pangungusap: Kahit na kami ay may mga pagkakapareho, kami ay magkakaibang indibidwal pa rin at mahal namin ang isa't isa kahit na kami ay may mga pagkakaiba.

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 26.

Tandaan Natin

- Bawat talata ay binubuo ng paksang pangungusap *(topic sentence)* at mga pahayag na magtataguyod dito.
- Ang **paksang pangungusap** *(topic sentence)* ay maaaring matagpuan sa umpisa, sa huli o kahit saan sa talata. May mga pagkakataong ito ay ipinapahiwatig lamang at hindi tuwirang isinusulat. Ang paksang pangungusap ang nagbibigay ng pangkalahatang tema ng parapo.

Ito na ang huling bahagi ng modyul. Napakagaling mo at natapos mo ito. Nagustuhan mo ba ito? May natutuhan ka bang makabuluhan sa pagbabasa ng modyul na ito? Ang buod ng mga pangunahing punto ay matatagpuan sa susunod na pahina upang matandaan mo ang mga ito.

Ibuod Natin

- Ang **balangkas** ay isang plano na susundan mo sa pagsusulat.
- Sa paggawa ng balangkas, tanungin mo muna ang iyong sarili kung paano mo mailalagay sa mga grupo o ma-uuri ang mga pangunahing ideya (titulo o pamagat) na nasasaisip mo. Palawakin ang mga ideyang ito sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga detalye o *subtopics* sa bawat grupo.
- Ang mga **pangunahing ideya** na pinagsamasama ay mga impormasyon o data na magkakawangis o magkakatulad.
- Lahat ng talata ay kinabibilangan ng paksang pangungusap *(topic sentence)* at mga pahayag na magtataguyod dito.
- Ang **paksang pangungusap** *(topic sentence)* ay maaaring matagpuan sa umpisa, sa huli o kahit saan sa talata. May mga pagkakataong ito ay ipinapahiwatig lamang at hindi tuwirang isinusulat. Ang paksang pangungusap ang nagbibigay ng pangkalahatang tema ng parapo.

Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang proseso ng pagsasama-sama ng impormasyon ayon sa pagkakapareho ng mga ito?
2. Paano natin ilalagay sa mga grupo ang data o impormasyon?
3. Bakit kailangan nating matuto ng pag-aayos sa mga grupo ng ating mga ideya sa pananalita at pagsusulat?

B. Maglagay ng titulo sa bawat grupo ng salita sa ibaba.

1. _____

   Ferdinand Marcos
   Corazon Aquino
   Fidel Ramos
   Manuel Quezon

2. _____

   Manila
   Makati
   Cavite
   Zamboanga

3. _____

Pilipinas
Thailand
Singapore
Malaysia

4. _____

epiko
salmo
ballad
oda

5. _____

Jose Rizal
Andres Bonifacio
Emilio Aguinaldo
Gabriela Silang

C. Kilalanin ang paksang pangungusap sa bawat talata sa ibaba.

Talata 1

Ang salitang diksyunaryo ay galing sa lumang Latin na salita, *dictionarium*, na nangangahulugang "koleksyon ng mga salita". Ang diksyunaryo ay librong naglalaman ng mga salita sa isang wika na nakaayos ayon sa alpabeto, kasama na rin ang kani-kanilang mga kahulugan, pagbigkas, marka ng balarila, pagbabago ng salita sa pagpapakilala ng kaukulan, bilang, kasarian atbp., at etimolohiya. Ang mga salita sa diksyunaryo ay nagmula sa maraming mga pinanggalingan. May mga bagong salita na nadaragdag sa paglipas ng panahon. Ang ilan sa mga salitang ito ay inimbento. Ang ilan naman ay hiniram sa ibang wika o dialekto.

Talata 2

Ang *United States Environment Protection Agency* ay nagbigay ng ebidensya na ang pagkaubos ng *ozone layer* ay maaaring makapagpababa ng produksiyon ng ani at gumimbala ng balanse ng ecosystem ng mga karagatan. Ang naninira ng *ozone layer* ay produkto ng kahusayan ng tao: *chlorofluorocarbon* o CFCs – mga kemikal na ginagamit sa airconditioning, refrigerator, plastic foam, fire extinguisher, aerosol, at solvent.

Mula sa: Vitug Marites Dañuilan. Philippine Daily Inquirer. September 10, 1990

Ikumpara ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 26 at 27. Ano ang nakuha mong marka?

Kung ang iyong marka ay:

- Mas mababa sa 4 na tamang sagot, balik-aralan ang modyul.
- 4–6 tamang kasagutan, balik-aralan lamang ang mga bahaging hindi mo nakuha nang tama.
- Higit sa 7 tamang sagot, magaling! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang magsimula sa iba pang modyul.

Batayan sa Pagwawasto

A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

A. 1. **(b)**

2. **(a)**

3. **(c)**

B. 1. gulay

2. gamit sa katawan o *toiletries*

3. linya

4. mga bagay sa kalawakan

5. kagamitan sa komunikasyon

C. Ang mga kasagutan ay maaaring mag-iba-iba ngunit nasa ibaba ang ilan sa mga posibleng kasagutan.

1. Ang pamilya ko ang pinakamahalagang regalong aking natanggap.

   – Matatalik kong kaibigan ang aking mga kapatid.
   – Binibigay ng pamilya ko ang lahat ng aking mga pangangailangan.
   – Mahal na mahal ako ng pamilya ko.

2. Sinusulit namin ng pamilya ko ang lahat ng mga bakasyon.

   – Nagbakasyon kami sa Boracay ng isang linggo noong nakaraang panahon ng tag-init.
   – Pumunta kami sa Baguio noong Semana Santa.
   – Nagbakasyon kami sa Tagaytay noong nakaraang Pasko.

3. Maraming magagandang lugar sa Pilipinas na dapat ipagmalaki.

   – Maraming magagandang karagatan dito.
   – Magagandang tanawin ang mga bundok at burol dito.
   – Maraming mahihiwagang kuweba rito.

B. Aralin 1

Subukan Natin Ito (pahina 6)

1. instrumentong musikal
2. opisyal
3. araw
4. kurso
5. babasahin
6. sasakyan
7. kasangkapan
8. kagamitan
9. laruan
10. kagamitang elektrikal

Subukan Natin Ito (pahina 7)

1. Opisyal
   - alkalde
   - gobernador
   - senador
2. Araw
   - Martes
   - Miyerkules
   - Lunes
3. Kurso
   - medisina
   - edukasyon
   - abogasya
4. Babasahin
   - pahayagan
   - libro
   - magasin
5. Sasakyan
   - trak
   - tren
   - kotse

6. Kasangkapan

   – martilyo
   – plais
   – lagari

7. Kagamitan sa bahay

   – mesa
   – upuan
   – tokador

8. Laruan

   – manika
   – trumpo
   – holen

9. Elektrikal na kagamitan

   – telepono
   – kompyuter
   – telebisyon

Subukan Natin Ito (pahina 7)

Ibinigay sa ibaba ang isang halimbawa ng balangkas para sa gawaing ito.

A. Pisikal na kaanyuan ng paaralan.

   ♦ lokasyon

B. Mga Nakaraang Tagumpay

   1. Tatlong beses nanalo bilang Pinakamalinis na Paaralan.
   2. Parating nangunguna sa NEAT at NSAT.
   3. Kilala sa pagkakaroon ng magagaling na guro at estudyante.
   4. Pumasa sa Lebel II akreditasyon
   5. Mayroong titulong “Center for Excellence in the National Capital Region”

C. Mga Tagumpay Ngayon

   ♦ Magagaling ang kanilang mga gradweyt

Subukan Natin Ito (pahina 9)

Ang mga sagot ay maaaring magkakaiba sa gawaing ito ngunit ibinigay sa ibaba ang ilan sa mga posibleng kasagutan.

1. Tingnan ang pahina 9.

2. Mga Klase ng mga pigurang geometrikal

   a. apat ang haligi

      – parisukat
      – rhombus
      – parihaba
      – trapezoid

   b. tatlo ang haligi

      – tatsulok
        ♦ right
        ♦ isosceles
        ♦ equilateral

3. Mga babasahin ko sa aking kuwarto

   a. Mga libro sa aking mesa

      – libro sa relihiyon
      – libro sa mitolohiya
      – libro sa pilosopiya

   b. Mga sanggunian na nasa tukador

      – atlas
      – diksyunaryo
      – almanac

   c. Ibang mga babasahin sa sahig

      – pahayagan
      – magasin

4. Mga Pasalubong ni Nanay

   a. Mga Kakanin

      – puto
      – suman
      – palitaw
      – sapin-sapin

   b. Inumin

      – sago't gulaman
      – malamig na tsaa

5. Tatlong malalaking isla ng Pilipinas

   – Luzon
   – Visayas
   – Mindanao

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 10–11)

A. Numeration System at mga Whole Number

   1. Mga Numero at Numeral
   2. Expanded na Uri ng Numeral na Desimal

B. Introduksyon sa mga Integer

   1. Ang Linyang Numero
   2. Pag-aayos ng Grupo ng mga Integer

C. Mga Factor at Prime

   1. Dibisibilidad
   2. Prime Factorization

D. Mga Numerong Rasyonal

   1. Ang Pangangailangan sa Iba Pang Sistema ng Numero
   2. Iba't ibang Pangalan sa Magkakaparehong Numero

E. Ratio at Proporsyon

   1. Konsepto ng Ratio
   2. Proporsyon

F. Pagsusukat

   1. Pagsusukat
   2. Sukat ng Espasyo

G. Talangguhit

1. Pagpapaliwanag ng Pictograph
2. Paggawa ng Bar Graph

H. Geometry

1. Punto at Linya
2. Espasyo

I. Introduksyon sa Algebra

1. Mga Simbolo na Ginagamit sa Algebra
2. Mga Polynomial

C. Aralin 2

Subukan Natin Ito (pahina 14)

Pangkat 1

Paksang pangungusap: Maraming mga psychologist ang naniniwalang ang mga bata ay hindi dapat sinasampal kapag nagkakamali.

Pangkat 2

Paksang pangungusap: Kaunting tao lang ang may alam na ang kamote ay masustansiya kahit na napakamura nito.

Subukan Natin Ito (pahina 14)

Maaaring magkakaiba ang mga kasagutan sa gawaing ito ngunit sa ibaba ay ilan sa mga posibleng kasagutan.

A. Ang pagkain sa kapiterya ay hindi kagana-gana.

– Hindi kumpleto ang mga sangkap.
– Ang pagkain ay hindi inilalagay sa mga wastong lalagyan.
– Pare-pareho ang menu.

B. May mga bagay akong hindi nagawa noong nakaraang semestre.

– Hindi ko natapos basahin ang libro na binabasa ko para sa aking klase sa Ingles.
– Nakalimutan kong magpadala ng kard sa aking kaibigan sa Mindanao na nagdiwang ng kanyang kaarawan.
– Hindi ko nagawang linisin ang aking kuwarto.

C. Ang aking ina ang matalik kong kaibigan.

– Nakikinig siya sa lahat ng aking mga istorya.
– Pinapayuhan niya ako kapag ako ay may problema.
– Pinapanatag niya ang aking kalooban.

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 15–16)

Ang mga kasagutan sa gawaing ito ay maaaring magkakaiba ngunit sa ibaba ay ilan lamang sa mga posibleng kasagutan.

Pangkat 1

Pamagat: Mga Dahilan Kung Bakit Ko Ipinagpatuloy ang aking Pag-aaral

A. Nais kong patunayan ang aking sarili sa aking mga magulang.
B. Gusto kong magkaroon ng magandang kinabukasan.
C. Nais kong matupad ang sariling kong kagustuhang matuto.

Pangkat 2

Pamagat: Paggawa ng Lalagyan ng Bolpen mula sa Basura

A. Linising mabuti ang lata ng sardinas.
B. Lagyan ng pintura ang lata gamit ang mga sobrang pintura sa bahay.
C. Maglagay ng iba pang mga dekorasyon sa lata.

Pangkat 3

Pamagat: Ang Aking Ina/Ama at Ako

A. Magkapareho kami sa maraming bagay.

   1. Magkamukha kami.
   2. Pareho kaming mapamahiin.
   3. Pareho kami ng libangan.

B. Magkaiba kami sa ibang mga bagay.

   1. Ako ay mahilig makipagkaibigan samantalang ang aking ina/ama ay mahiyain.
   2. Mahilig akong gumasta samantalang ang aking ina/ama ay matipid.
   3. Hindi ko maayos ang aking mga prioridad samantalang ang aking ina/ama ay organisado.

D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 17–19)*

A. 1. Klasipikasyon

   2. Ating inilalagay sa mga grupo ang data o impormasyong magkakatulad.

   3. Dapat tayong matutong mag-grupo ng mga ideya sa pananalita at pagsusulat upang maipahayag natin ang mga ito nang mas mabuti.

B. 1. Mga Dating Presidente ng Pilipinas

2. Mga Siyudad

3. Mga Bansa sa Timog Silangang Asya

4. Mga Uri ng Tula

5. Mga Bayaning Pilipino

C. 1. Ang diksyunaryo ay librong naglalaman ng mga salita sa isang wika na nakaayos ayon sa alpabeto, kasama na rin ang kani-kanilang kahulugan, pagbigkas, marka ng balarila, pagbabago ng salita at etimolohiya.

2. Ang *United States Environment Protection Agency* ay nagbigay ng ebidensya na ang pagkaubos ng *ozone layer* ay maaring makapagpababa ng produksiyon ng ani at gumimbala ng ecosystem ng mga karagatan.



Mga Sanggunian

Avenilla, Tessie, et al. *Guide to Effective Writing*. Philippines: Centro Escolar University, 1995.

Axelrod, Rise B. and Charles R. Cooper. *The St. Martin's Guide to Writing.* U.S.A.: St. Martin's Press, Inc., 1988.

Brown, Kristine and Susan Hood. *Writing Matters: Writing Skills and Strategies for Students of English.* New York: Cambridge University Press, 1989.

Cortez, Lilia R. *How to Write English Compositions in the Classroom*. Philippines: Rex Printing Company, Inc.,1987.

Dean, Michael. *Write It: Writing Skills for Immediate Learners of English.* Great Britain: Cambridge University Press, 1988.

Guzman, Maybelle K., et al. *Guided Expository Writing*. Philippines: Katha Publishing House Co., Inc., 1985.

Hamp-Lyons, Liz and Ben Heasley. *Study Writing.* Great Britain: Cambridge University Press, 1987.

Navarro, Hortencia E., et al. *An Integrated Approach to Writing*. Philippines: Katha Publishing House Co., Inc., 1996.

Nolasco, Rob. *Writing: Upper Intermediate.* Oxford: Oxford University Press, 1987.

Ramos, Maximo D. and Florentino B. Valeros. *Reading and Writing the Essay.* Philippines: Phoenix Publishing House, Inc., 1980.

Sebastian, Evelyn L. *An Integrated Approach to Reading and Writing.* Philippines: Evelyn Sebastian, 1995.

Tiempo, Edilberto K. and Edith L. Tiempo. *College Writing and Reading*. Philippines: Rex Printing Company, Inc., 1980.

Vicente, Corazon C., et al. *Technical Writing*. Philippines: Technology Supply, Inc., 1997.